

1

“Bianca, tumawag ang lola mo kanina, mag-return call ka raw,” salubong ni Gen. Elias de Castro, ang stepfather ng dalaga.

“Sige po. Thank you.” Ibinaba niya ang dalang badminton racket sa sofa. “Yaya, padala ng juice sa room ko, please.”

“Don’t forget. Tatlong beses na siyang tumawag,” paalala nito.

“Yes, Dad. Thanks!” ‘Daddy’ na rin ang tawag niya sa amain kahit pa noong eighteen years old na siya, five years ago nang lumipat sila ng mommy niya sa bahay ng mga de Castro. Para bang siya na lang ang natitirang anak nito sa bahay mula nang mag-asawa si Karen, ang nag-iisang anak nito sa unang asawa, isang taon na ang nakakaraan.

“Lalabas lang kami ng mommy mo para makipag-dinner with some friends. Okay ka lang bang mag-isa rito?”

“Sure. Me and half a dozen househelp. Dad, I’ll be okay. Have fun!”

Pumasok si Bianca Sombrano sa kuwarto at nag-charge ng cellphone. Kanina pa siya nawalan ng battery kaya siguro sa landline siya tinawagan ng lola niya. Nang mag-on na ulit ang phone ay nag-dial siya ng long distance number.

“Oh frig,” malakas na sabi niya nang mapansin na naputol ang kanyang kuko. Kanina siguro habang naglalaro siya ng badminton ay naputol iyon at hindi niya namalayan. “I hate this,” maarteng dagdag pa niya habang tinititigan ang daliri. Nagpa-French manicure pa naman siya.

“Hello?” Nagsalita na ang lola niyang si Marietta Sombrano mula sa kabilang linya. “Bianca?”

“Hi, Lola! Sorry I didn’t call back earlier. I was playing badminton at nadiskarga pa ‘yung battery ng cell phone ko.”

“It’s all right. Kumusta ka na, hija?”

“I’m okay, ‘La.” Pinoproblema pa rin niya ang kuko.

“Kumusta na ang paghahanap mo ng trabaho?”

Napabuntong-hininga si Bianca. “Sabi ko kay Mommy, magpapahinga muna ako before I try to get a new job. Kasi naman, Lola, the last one was

really traumatic for me. Imagine, they expect me to be in the office at eight a.m. Bawal man lang ma-late. I do good job naman even if past ten na ‘ko lagi nakakarating sa office.”

“Naikuwento nga sa akin ng mommy mo,” pasensyosang tugon ng kausap niya. “At nag-usap na rin kaming dalawa. Sabi ko sa kanya may ideya ako.”

“Really? What?”

“Magpapahinga ka, di ba?”

“Yes, Lola.”

“Bakit hindi ka na lang magpapahinga dito sa amin sa Isabela?”

Muntik na siyang malaglag sa kama. Magpapahinga sa mga lola niya? Tumira sa isang lugar na may pangalang Tumauini? “Lola, you know naman I’d love to be with you. Kaya lang na-i-imagine mo ba talaga ako na nakatira sa paanan ng *Sierra Madre*?”

“Dati-rati ay ikaw pa ang namimilit pumunta rito,” sumbat nito.

“Lola naman...”

“At saka napakalayo pa ng hacienda natin sa paanan ng mga bundok. At saka bakit hindi? Hija, sa

iyo ang lupang ito. Sa daddy mo sana pero namatay nga siya nang maaga, so mas magandang maging pamilyar ka na rin dito. Kanino pa ba mapupunta ang lahat ng ito kundi sa iyo rin. Nag-iisa yata kitang apo.”

“Lola, I’m sure hindi ko naman kailangang pumunta diyan para maging familiar sa mga lupang may tanim na bigas. I mean...”

“Palay, Bianca.”

“Ano po ‘yon?”

“Palay ang nakatanim, hindi bigas. Nagiging bigas pagkatapos maani at mapagiik.”

“Sige na nga po. Lupang may palay. And besides...”

“Nasabi ko ba sa iyo na nagbalikbayan na ang pamilya nina Carlo?”

“Saka kung pupunta...” Medyo delayed pero pumasok sa utak ni Bianca ang pangalang binanggit kaya nakalimutan na niya kung ano ang punto niya. “Carlo po ba ‘yung sinabi n’yo? As in Carlo Isberto, iyong anak ni Mang Domeng na leader ng mga farmers?”

“Anak ni Mang Domeng na dati nating katiwala,” muling pagtatama nito. “Siya nga.”

Bigla tuloy ang kanyang pagbuwelo. “You know what? Palagay ko, magandang ideya nga na pumunta ako riyon para magpahinga. Kasi, Lola, di ba super fresh ang air diyan? Mas makakapag-isip siguro ako diyan. At saka suggestion ng doctor ko, I stay in a place na mas malinis ang hangin.”

“Iyon na nga rin ang iniisip ko,” sagot ni Marietta.

Napangiti ito sa sarili. Alam kasi nitong walang makakapagpapunta sa apo para tumagal at magpabalik-balik sa Isabela kundi ang lalaking nakilala ni Bianca noong unang beses siyang pumunta roon.

Alam ni Lola Marietta na kahit noong labing-anim na taon pa lamang siya, tanging si Carlo ang naging dahilan kung bakit hindi siya umuwi pabalik ng Maynila matapos makita ang lugar na nabili ng mga magulang ng ama nang magretiro na ang mga ito.

Si Carlo ang naatasang magpasyal sa kanya noong unang mga araw niya sa Isabela. At nang matapos ang responsibilidad nito sa kanya ay hindi pa rin siya paawat sa kasusunod dito. Mula sa isang linggo na planong bakasyon, umabot si Bianca ng mahigit isang buwan dahil na rin sa pakiusap niyang huwag munang umuwi.

Nang sumunod na summer vacation, unang araw pa lang ay ipinahanda na niya kaagad ang kanyang mga damit para muling bumalik sa Isabela. Granted, mas naging distant ang trato sa kanya ni Carlo nang pangalawang pagbalik niya. Pero hindi pa rin siya nagpaawat sa pagsunod dito. Sabi ng lola niya kapag binibiro siya, infatuated daw siya sa lalaki. Ang hindi nila alam, head over heels in love siya kay Carlo.

“Unang-una, you’re not my boyfriend, Marlon, so ire-remind ko lang na puwede kong gawin kahit ano’ng gusto ko nang hindi kailangang magpaalam sa ‘yo,” nakataas ang kilay na sabi ni Bianca sa kaharap.

“Correction. I am not *yet* your boyfriend,” malakas ang loob na saad nito.

Lalong umabot hanggang kisame ang taas ng kilay niya. “Hello? Give it up. Never na pong mangyayari iyon.”

Nakita niya ang pagbagsak ng expression nito sa sinabi niya. Best friend na niya si Marlon mula pa noong freshman sila sa college. Malimit itong magpahiwatig na gusto siya nito na hindi naman niya pinaniwalaan kahit kailan.

“You know, Marlon, you really don’t love me.”

“I do too,” pilit nito.

Nagbuntong-hininga si Bianca. “O sige na nga, maybe you do love me pero as a *friend* lang. Palagay ko, gusto mo lang akong maging girlfriend kasi challenge ako sa iyo, eh. Ano kaya, sabihin ko na lang sa lahat ng mga babaeng naghahabol sa iyo na huwag kang pansinin? Sigurado akong malilipat bigla ang attention mo sa mga iyon.”

Guwapo ang kaibigan niya kaya maraming babae ang nagkakagusto rito, pero walang epekto sa kanya ang charms nito. Sigurado siyang tama ang theory niya sa half-hearted pero makulit nitong pagsasabi sa kanya na baka dapat sila na lang dalawa ang magkatuluyan.

Nag-isip nang matagal si Marlon at kapagdaka ay nagsalita. “O sige na nga. Malamang tama ka. Kasi pag minsan naiisip ko rin naman, kahit ang ganda mo at saka ang guwapo ko, wala tayong chemistry.”

“Right,” sabi niya.

“At saka alam mo, Bianca, pag nagsasalita ka ng mga ganyan, nare-realize ko na matalino ka talaga. Kaya nga I tell everyone na hindi ka naman ditz.”

“Eh, bakit mo sasabihin sa kanila iyon?”

Nagkamot ito ng ulo. “Bakit ba kasi gusto mong isipin ng mga tao na airhead ka?”

Ngumiti siya. “Actually, hindi ko naman gustong isipin nila iyon. I just don’t care. I mean, seriously, what’s wrong with choosing to be beautiful instead of brainy. I enjoy life better this way. Walang expectations. Walang pressure. I can live my life the way I wish to.”

Ginulo nito ang buhok niya. “Ang labo mo.”

“Hey, my hair!” protesta niya.

“Anyway, mabalik tayo sa totoong topic natin. What is this about you going to Isabela? Seryoso ka ba talaga?”

“Serious na serious.”

Hindi pa rin ito makapaniwala na papayag siyang magbakasyon sa lugar na kasing-rural ng pupuntahan. “Ano naman ang nasa Isabela?”

Ngumiti ang dalaga. “Si Carlo.”

“Ouch! Sabi ko na nga ba, may ibang lalaki ka.” Eksaheradong hinawakan nito ang dibdib, kunwaring nasaktan sa kanyang sinabi. “Sino si Carlo?”

“Si Carlo lang naman ang lalaking pakakasalan

ko.”

Nanlaki ang mga mata ni Marlon. “Whoa! Hold on a second. Seven years na tayong magkaibigan, di ba? At sinasabi mo sa akin ngayon na may lalaki kang papakasalan at hindi ko pa siya nami-meet kahit kailan? Sa pagkakaalam ko nga, hindi ka pa nagkakaroon ng boyfriend.”

“Marlon, don’t panic. Okay lang na hindi mo pa alam. Hindi pa rin nga niya alam.”

“I don’t understand.” Kita sa mukha nito ang pagkalito.

“My dear friend, matagal ko nang nabuo sa isipan ko ang bagay na ito. I am going to marry Carlo.”

“So ikaw lang ang nagdesisyon niyan?”

Tumango si Bianca. “Yup. Kaya lang n’ung makilala ko siya, I was sixteen and he was about five years older than me kaya ang tingin niya ay baby pa ako. “Tapos his family left for the States kaya di na ‘ko nagkaroon ng chance to prove na I can be a babe, too.”

“Which you are,” sang-ayon nito “A babe, I mean.” Tiningnan niya ito nang masama. “Huwag mo ‘kong tingnan ng ganyan. Walang malisya ‘yun.

Iyon kaya ang sinasabi ng lahat ng tao.”

“Sinasabi ba nila iyon kahit akala nila ditz ako?”

“Lalo na dahil akala nila ditz ka. So, everyone’s thinking they stand a chance. Hindi nila alam na manang ka talaga sa totoong buhay lang.”

Nanlaki ang mga mata ni Bianca. First time niyang narinig iyon.

Nagmadaling baguhin ni Marlon ang topic. “Pero that’s another matter. Mabalik tayo kay Carlo. Eh, kung umalis na pala ‘yang lalaking ‘yan, paano na iyong ilusyon mo?”

“Shh! Don’t jinx it. Hindi ko ilusyon lang ito. I am foreseeing the future,” sabi niya na parang nakatingin sa isang imaginary crystal ball. Pagkatapos ay ngumiti siya sa kaibigan, showing a perfect set of teeth and matching dimples. “At saka bumalik na siya for me.”

“Talaga? Alam na rin ba niya iyan?”

“Hindi pa. Actually,” kumunot ang noo niya, “hindi nga niya alam na in love ako sa kanya.”

Sa katunayan, noong huli silang magkasama ni Carlo ay parati pa nga siya nitong inaaway...

“Eww! What’s that?” tanong niya sa anak ng

katiwala ng kanyang lola sa bukid.

Tiningnan siya ni Carlo na para bang taga-ibang planeta siya. Siya naman, matignan lang nito nang kahit anong paraan, kinikilig pa rin.

“Ang tawag dito ay bulate.”

“Of course they are worms. Pero what are you gonna do with those icky bulate?”

“Mamimingwit si Tatay.”

“Ng isda?”

“Hindi. Nang biik,” sarkastikong sagot nito. “Malamang isda. Ano ba’ng ginagawa mo rito, Bianca?”

Naiinis siya kay Carlo; mainit uli ang ulo nito sa kanya. Kaya alangan namang aminin niya na sinusundan niya ito... para magpa-cute.

Inayos niya ang pink niyang headband na katerno ng blouse at shoes niya. “Wala. Nagpapahangin lang.”

“Sa poultry? Nagpapahangin ka sa poultry?”

Na-realize niyang mali ang rason niya pero hindi siya aamin. “Bakit hindi?”

Nagbuntong-hininga ito. “Bahala ka nga. Bakit ba nakikialam ako sa iyo.”

“Oo nga.”

Iniwan siya nito.

Ganoon ang tipikal na araw nila ni Carlo. Well, at least, ganoon ang tipikal na araw nila sa loob ng huling bakasyon niya roon bago ito umalis. Nakukulitan na siguro ito sa tila kabuteng pagsulpot-sulpot niya kung saan-saan.

Pero kahit sinusungitan na siya nito ay hinding-hindi niya makakalimutan ang pag-alis nito.

“Bukas darating iyong kapalit ni Mang Domeng. Ipapakilala kita, Bianca.”

Si Mang Domeng ang ama ni Carlo. Kumakain sila ng merienda ng lola niya nang sabihin nito iyon. Natigilan siya sa paglalagay ng nata de coco sa ibabaw ng suman.

“Bakit papalitan si Mang Domeng?”

“Hindi ba nabanggit sa iyo ni Carlo?”

Lately, suwerte na siya kung kausapin siya ng lalaki nang boluntaryo ng mas mahaba pa sa isang sentence, let alone, ipaalam sa kanya ang plano sa buhay.

Umiling siya. “Nope.”

“Susunod sila sa kapatid ni Mang Domeng sa US. Hinintay lang daw nilang maka-graduate ng pre-med si Carlo para maituloy ang pag-aaral niya doon sa Amerika. Nakakuha pa nga raw ng scholarship.”

Parang nagdilim ang paligid ni Bianca. “Kasama si Carlo?” tanong niya, tila hindi naintindihan ang paliwanag ng lola.

Tiningnan siya nitong mabuti bago sumagot, “Oo. Sa makalawa ang alis nila.”

“Okay, ang bilis naman noon. Wala man lang warning.” Nawalan na siya ng ganang kumain.

Ang pangit-pangit ng pakiramdam niya. Tila nagsisikip ang kanyang dibdib. Hindi na niya ulit makikita si Carlo?

“Wait lang, Lola, may kukunin ako sa itaas.” Nagdahilan na lang siya para makaalis. Mabilis siyang tumayo para pumunta sa kuwarto niya nang sa gayon ay hindi makita ng kahit sino na naiiyak siya.

Sa silid ay kinuha niya ang itinatagong kahon. Nasa loob niyon ay mga Polaroid pictures ng binata na sekreto niyang hinangaan. Sandamakmak na stolen shots ni Carlo sa iba’t ibang ginagawa nito sa hacienda.

Inilabas niya ang pinakapaborito niyang larawan.

Dreams Of The Heart - Carla Giopaolo

Naalala pa niya ang araw na kinuha niya iyon. Nakaupo ang lalaki sa tabi ng puno, namamahinga. Nagkunwari siyang kinukunan ng larawan ang lahat ng taong naroon para hindi halata na ito lang ang talagang gusto niyang kuhanan ng litrato.

Tinawag niya ito. "Hey, Carlo!"

Humarap ito sa kanya at hindi niya alam kung bakit, pero binigyan siya nito ng ngiting bihira na nitong igawad sa kanya.

Ang sandaling iyon ang nasa picture na hawak niya. Sinunson ng daliri niya ang magagandang labi ng binata sa larawan, ang matangos na ilong at mga matang parating tila may iniisip na nakakatawa.

Napabuntong-hininga si Bianca. Malapit na silang maghiwalay ni Carlo.

Nang araw na nagpaalam ang mag-amang Domeng at Carlo sa lola niya ay sumilip lamang siya sa pintuan ng silid. Mula roon ay nakita niyang tumitingin sa paligid ang binata, anyong may hinahanap.

Hindi lumabas ng silid si Bianca para magpakita sa mga ito. Hindi niya rin dinig ang usapan ng mga ito.

Nang bago bumaba si Carlo at ang ama nito ay muli pa itong lumingon. Tumingin ito sa direksyon ng

Dreams Of The Heart - Carla Giopaolo

kanyang silid. May kalungkutan sa mga mata nito pero bahagya itong ngumiti na tila nagpapaalam.

Or, at least, iyon ang eksena sa imahinasyon niya.

“Goodbye, Carlo,” tahimik na sabi niya.

Kinusot niya ang mga mata. Nahihilam na siya sa luhang dumadaloy roon.

Iyon ang huling pagkakataon na nakita niya ang binata. Pero hindi niya ito nakalimutan.

Seryoso siya. Si Carlo lang ang lalaking papakasalan niya.

2

Tinanggal ni Bianca ang shades pagbaba ng kotseng sumundo sa kanya sa airport ng Cauayan, Isabela.

“Bianca, welcome home,” salubong ni Lola Marietta. “Ang ganda-ganda ng aking apo.”

“Siyempre naman, Lola, magkamukha tayo.”

Totoo ang sinabi niyang iyon. Kapag pinagtabi nga ang pictures ng lola niya noong dalaga pa ito at ang mga litrato niya ngayon, iisipin na nagsuot lang siya ng sinaunang damit sa mas lumang picture.

Niyakap siya ng matanda at hinalikan sa pisngi. “Kumusta ang flight mo?”

“Okay naman po. Buti nga po may airport na malapit dito.” Naalala pa niya kasi noong nagbibiyahe sila ng mahigit labindalawang oras para makarating doon. Nakakasakit talaga ng pang-upo ang mahabang biyahe.

“Oo nga kaya wala ka nang rason para hindi dumalaw. Mabuti naman at maayos ang biyahe mo. O, halika na, kumain muna tayo. May inihanda kaming pansit at puto.”

“Lola, I don’t eat carbs,” tutol niya.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Carbohydrates. Nakakataba kaya iyon.”

Nakakunot ang noong tiningnan ng matanda ang apo. Wala itong makitang kahit anong taba sa perpektong katawan niya. Sa tingin nga nito ay masyado siyang payat.

“Nonsense. Hindi tumataba ang lahi natin,” sabi nito.

Tumirik ang mga mata ni Bianca. “Lola, seriously, ‘yung hips natin ay may sariling buhay. It’s your Española blood—it comes with big hips.”

“Puro ka kalokohan. Hindi puwede sa iyo ang diet-diet na iyan dahil nuknukan ka ng pagiging masakitin. Halika na!”

Wala siyang nagawa kundi sumunod dito.

Nagsasalita pa rin ito habang naglalakad papasok ng bahay. “Tamang-tama ang dating mo, fiesta rito bukas, naalala mo ba? Ganito ring panahon noong unang dalaw mo rito. Kulit na kulit sa iyo si Carlo nang ipasyal ka niya.”

Makakalimutan niya ba iyon? Unang beses niya

yatang nakita noon ang lalaking kinababaliwan at noon din siya nagdesisyon na ang lalaking iyon ang pakakasalan niya. Naisip niya yata iyon habang naglalakad sila sa palayan at pinagtatawanan siya nito sa suot niyang wedged sandals at inaalalayan siya para hindi siya mahulog sa putikan. O kaya naman ay noong buhatin siya nito patawid sa ilog dahil natatakot siya sa mga linta na nakita niyang nakakapit sa bato.

O kaya naman ay puwede rin noong una pa lang ipakilala sa kanya si Carlo...

Nakasimangot pa si Bianca dahil pagod siya sa halos magdamag sa biyahe. Sinabi ng lola niya ay ipapakilala nito sa kanya ang batang anak ng katiwala para may kasama siya sa pag-iikot. Ang ini-imagine niya talaga ay iyong mga magsasakang nakikita niya sa mga pelikula. Pero nang dumating ang ipinatawag ay ganito ang hitsura, sa simpleng deskripsyon: tall, dark and handsome. Nakasuot ito ng kupas na maong at light blue t-shirt na tamang-tama ang sukat sa balikat. Kailangan niyang kumurap nang ilang ulit para siguraduhing hindi lang siya namamalikmata sa puyat.

Nakangiti na ang mga mata nito bago pa man sumunod ang mga labi. Nang ngumiti ito ay lumabas

ang pantay-pantay at mapuputing ngipin. At ang isang dimple na tila wala sa lugar sa ilalim ng kanang gilid ng labi nito.

Yes, she definitely fell in love with him then.

Nabalik siya sa kasalukuyan nang tinawag ng lola niya ang isang katulong. “Lydia, tulungan mo nga itong si Bianca sa mga dala niya. Dalawang bag lang naman pero baka mabigat.”

“Lola...” simula ni Bianca para sabihing hindi lang dalawa ang dala niya.

Naunahan siyang nagsalita ng driver na nasa kanyang likuran. “Miss Bianca, saan pa namin dadalhin ito?”

Sabay silang lumingon para makita ito na hindi magkandadala sa dalawang malaking luggage bags na dala rin niya.

Iiling-iling si Lola Marietta. “Akala ko ba ay ayaw mo rito? Sa dami ng dala mo’y parang balak mong dito na tumira.”

“Lola, ano ba?”

Inutusan nito ang mga kasambahay, “O, siya, dalhin n’yo na lang d’un sa dati niyang kuwarto.” Pagkatapos ay humarap ito sa kanya. “Hay naku!

Sa tuwa ko lang magbakasyon ka rito, kahit buong kuwarto mo sa Maynila ay ipapahakot ko rito.”

Niyakap niya ang matanda at malambing na pinaghahalikan ito sa pisngi. “Thank you, Lola. Buti nga naisipan mong papuntahin ako rito. It’s really getting to be so boring at home.”

Sincere ang pagpapasalamat niya sa abuela. At saka dahil naroon si Carlo, sigurado siya, ito na ang magiging pinakamagandang bakasyon ng buong buhay niya.

Kinabukasan ng umaga ay araw ng fiesta. Madaling-araw pa lang ay nagising na si Bianca sa ingay ng mga taong kumikilos sa kusina upang maghanda ng mga pagkain para sa taunang malaking patanghalian ng mga Sombrano. Hindi lang siya kaagad bumangon dahil masarap pang humilata sa kama.

Tinapos niya ang pag-a-apply ng lipgloss sa labi bago tingnan ang sarili sa salamin. Nakasuot siya ng skinny jeans na nagpapakita ng mahaba niyang legs at ang kanyang halter top white blouse ay ipinapakita ang kurba ng balingkinitan niyang katawan.

Inipit niya sa magkabilang tainga ang lagpas-

balikat na buhok para ilabas ang mga hikaw na perlas.

Kanina pa niya naririnig ang mga bisita sa labas ng silid. Makaraang maglagay ng paborito niyang pabango ay marahan niyang binuksan ang pinto.

“Bianca!” tili ng isang bisita na kaagad nakakita sa kanya.

Nanliit ang mga mata niya sa pagkilala rito. “Jennylou?”

Tumawa ang babae habang papalapit sa kanya. “Naalala mo pa ako? Ang tagal mong hindi umuwi rito, ah.”

Siyempre naman kilala niya si Jennylou. Pinsan yata ito ni Carlo. Mas kilala pa nga niya ang lahat ng kamag-anak ng binata kaysa sarili niyang kaanak.

“Yeah,” sagot niya. “Kumusta na kayo?”

“Mabuti naman. Halika! Kasama ko iyong mga katrabaho ko sa Provincial Capitol. Ipapakilala kita.”

“Sige,” sang-ayon niya.

Napag-alaman niya na nag-iisang babae si Jennylou sa department nito na engineering. Kaya hindi nagtagal ay napapalibutan na si Bianca ng kalalaking inhinyero ng gobyerno.

Iniwan siya sandali ni Jennylou sa mga ito para kausapin ang isang kakilalang matagal na ring hindi nakita.

“Hanggang kailan ka rito?” tanong ng isang engineer.

“Hindi ko pa sure. Mga two weeks...”

“Naku, tagalan mo na. Para sumaya naman itong sina Ferdie, Joel at saka Milo. O, tingnan mo kanina pa nakatulala sa iyo,” sabi ng pinakamatanda sa grupo. “Binata pa ang tatlong ire. ‘Yang dalawang katabi mo, huwag mong pansinin, tatlong dosena na ang panganay ng mga iyan.”

Sabay-sabay silang nagtawanan. Sinasagot ng isa ang panunukso ng kasamahan nang magkaroon siya ng weird na pakiramdam na parang may nakatingin sa kanya.

Inilibot ni Bianca ang paningin at nakita niya kung saan nanggagaling ang pakiramdam na iyon. Literal na nahilo siya dahil tumigil yata ang paghinga niya sa nakita... si Carlo!

Nakatayo ito sa hagdanan, tila aakyat pa lang nang may humarang dito para kausapin. Nakikipag-usap ito ngunit nasa kanya nakapako ang direksyon ng tingin nito.

Bahagya itong ngumiti nang makitang nakatingin siya rito.

Alam niyang magkikita sila nito pero nataranta pa rin siya. May pagpa-panic na ibinalik ni Bianca ang tingin sa mga kausap. Ang pakiramdam niya ay pulang-pula ang kanyang mukha at para hindi makita iyon ni Carlo ay kailangan niyang may gawin kaagad. At saka baka kung hindi siya makaisip ng distraction ay tumakbo siyang palapit at yakapin ito nang mahigpit.

“Nagugutom na ako. Gusto n’yo na bang kumain?” sabi niya sa grupo.

“Naku, kahit pa mabundat na ang mga ito sa kakakain, masamahan ka lang ay okay na,” tuloy na panunudyo sa kanya.

“Kayo talaga,” tawa niya. “Halina at kumain ulit kayo.”

Anim na kalalakihan ang sumunod sa kanya para dumulog sa hapag-kainan kung saan ginamit ni Bianca ang panahon para makabawi sa shock na idinulot nang muling pagkakita kay Carlo pagkalipas ng mahabang panahon.

Matapos ang kainan ay nagpaalam na si Jennylou at ang mga kasama nito dahil may pupuntahan pa ang mga ito. Nagsasalin siya ng malamig na tubig sa isang baso nang may magsalita sa likuran niya.

“Nasaan na ang fans club mo?”

Umikot si Bianca para harapin ang nagtanong. Natagpuan niya ang sariling nakatingin sa nakangiting mga mata ni Carlo.

“Oh, I dunno, I—” Natataranta uli siya at naiirita sa sarili. She was acting like a total dummy. Nakakairitang ganito siya pag kaharap ang Carlo na ito. “They are not my fans club.” Sa wakas ay nakabuo siya ng isang pangungusap, pero kaagad siyang na-distract sa pagkakatingin sa binata.

Mas gumuwapo pa yata ang mokong, tumangkad, pumula ang kutis, tumikas pa lalo ang pangangatawan...

Stop drooling, Bianca! saway niya sa sarili.

Inayos niya ang pagkakaipit ng buhok sa tainga. “Kailan ka pa dumating?” tanong niya kahit alam na niya ang sagot.

Dumating ito exactly three days and four hours ago. Give or take mga thirty minutes, dahil iba-iba

ang sagot ng pitong taong tinanong niya mula pa noong nagdaang araw.

“Noong Huwebes,” tugon nito.

“How’s Texas?” Pagkatanong niyon, naisip niya kung gaano kawalang kuwenta ang tanong niya.

“Actually,” may bahagyang American accent na ang salita nito kapag bumibigkas ng Ingles, “hindi ako sa Texas galing, sa San Francisco.”

“Oh.” Bakit ba walang nagsabi sa kanya ng impormasyong iyon?

Tinititigan ni Carlo ang mukha niya.

Ang galing! Sa wakas yata ay napapansin na rin nito na maganda siya.

“Uhm... Bianca,” sabi nito.

Kumurap siya. How nice to hear him say her name! “Yes?”

“May dumi ka sa mukha.”

“Lola, alam mo ba kung ano’ng field of specialization ni Carlo?”

Tumigil sa pagbabasa ng diyaryo ang matanda.

“Hindi ko sigurado. Pero teka, kausap mo na siya kanina, hindi ba? Bakit hindi mo pa itinanong sa kanya?”

Uminom ng kape ang dalaga. Bahagyang natahimik ang bahay nila nang pahapon na. Nag-alisan na ang napakaraming bisita. Siya naman ay mamayang gabi pa lalabas kasama si Jennylou at mga kaibigan nito para dumalo sa kasayahan sa plaza.

“Hmph!” paungol na sagot niya.

“Bakit na naman?”

“Kakainis that Carlo.”

Tiningnan lang siya ng abuela. “Ikaw talagang bata ka, wala ka namang gustong ibang pag-usapan kundi ang Carlo na iyan. Ano naman ang nakakainis?”

Ngumuso si Bianca. “He doesn’t like me.”

Tumawa ito. “Bakit mo naisip na hindi ka niya gusto?”

“Kanina kaya. Mukha na talaga akong stupid sa pag-iisip ng kung ano pa’ng sasabihin ko sa kanya para lang he will keep on talking to me. “Tapos, all he sees ay may dumi ako sa mukha!” nakasimangot na lahad niya.

“Ibig sabihin nakatingin siya sa iyo. Kasi kung hindi, eh, paano niya makikita na may dumi ka sa mukha?”

“Sabagay.” Ngumiti siya sa ibabaw ng tasa ng hinihigop na kape. “You have a point there, Granny. Which reminds me, ano kaya’ng susuotin ko mamaya? Dapat magandang-maganda ako. Para ako lang mapapansin ni Carlo.” Saglit siyang nag-isip, pagkuwan ay kumislap ang kanyang mga mata. Tumayo siya. “I know na. D’yan ka muna, ‘La. I will change lang.”

Umiling-iling lang si Lola Marietta na sinundan siya ng tingin. Hindi na nito sinabi na nakatatlong palit na siya ng damit.

3

May isang sikat na singer-comedian na taga-Maynila na inimbitahang kumanta sa plaza. Kahit alas siete pa ang simula ng program, six thirty pa lang ay punong-puno na ng tao ang lugar. Buti na lang at nagtatrabaho sa Provincial Capitol si Jennylou at iba pa nilang kasama, kung kaya may reserved silang upuan sa malapit sa entablado.

Ramdam na ramdam ni Bianca na maganda siya dahil pinagtitinginan siya ng mga tao roon na parang nakakita ng artista. Iniayos niya ang upo. Kailangang dumating si Carlo para makita nito kung paano siya hinahangaan ng mga tao sa plaza.

Handang-handa na siyang mag-flip ng buhok sa sandaling dumating ito. Kaya naman ganoon na lamang ang pagkadismaya niya nang dumating itong may kasamang isang babae—isang napakagandang babae.

Ilang minuto bago magsimula ang show, naglakad si Carlo palapit sa direksyon niya, akay ang sa paningin niya ay papasang local beauty queen ng Isabela. Papasang panlaban sa *Binibining Pilipinas*—matangkad, mahaba ang legs, morena, tuwid ang

itim na buhok at pamatay sa kaseksihan. Walang makeup, simple ang kasuotang maong pants at t-shirt na may pangalan ng Isabela, pero hindi maitatago ang kagandahan.

Kaswal na kaswal na nag-flip pa ito ng buhok bago umupo sa silyang hinila ni Carlo para rito.

Hey, that was my move! protesta niya sa isipan na ang ibig sabihin ay ang pagpi-flip nito ng buhok. Pero concern pa ba naman niya iyon samantalang kanya rin sa isip niya ang Carlo na kasama nito? Buong gabi tuloy na hindi siya matawa-tawa sa jokes ng sikat na singer-comedian. At nang matapos ang palabas ay lalo siyang hindi matawa nang hinila siya ni Jennylou.

“Halika, kasama ni Carlo iyong head ng Tourism and Cultural Affairs namin dito, ipakilala kita. Mabait si Michelle.”

Hindi na siya nakapiyok. Sunod na alam niya, kaharap na nila si Carlo at ang babaeng iyon.

“Hello, cousin. Ipapakilala ko si Michelle kay Bianca,” sabi nito kay Carlo.

Para namang may nakakatawa para sa binata sa sitwasyon. His eyes were actually sparkling with amusement habang naghihintay ng susunod na

mangyayari.

Ngumiti siya nang pagkatamis-tamis sa dalagang ipinakilala. “Hi, Michelle. I’m Bianca,” pagpipilit niyang bumati nang magiliw. Masama naman kasing isipin ni Carlo na suplada siya.

“Of course,” tugon ni Michelle. “Kilala kita. Actually, nagkakilala na tayo dati.”

Kumunot ang noo niya. Wala siyang naalalang pagkakataon na nakilala niya ang babaeng kaharap “Really?”

“Pero hindi mo nga siguro ako mamumukhaan,” sabi nito. “Kasi noong magkita tayo dati ay kakapaligo ko lang ng harina.”

Naalala na niya.

OMG! That Michelle!

Si Michelle ang babaeng ka-holding hands ni Carlo sa ibaba ng bintana ng pangalawang palapag ng bahay nila. Sa sobrang asar niya dahil doon pa naisipang mag-ulayaw ng dalawa sa tapat ng kusina nila, dinampot niya ang bowl ng harinang gagamitin sa bilo-bilo at itinaon sa dalawa.

She took wicked pleasure in hearing the sound of screams from downstairs.

“Oops, sorry!” sungaw niya sa bintana. “Hindi ko kayo nakita.”

Ang sama ng tingin sa kanya ni Carlo. Napag-alaman niya na si Michelle ang girlfriend nito, kararating lang mula sa pagbabakasyon sa Bicol kaya hindi pa niya nakikita.

Hindi na natuloy magsimba ang dalawa na dumaan lang sa bahay nila para sana magpaalam sa ama nito na noon ay kausap ng lola niya.

Nangyari iyon noong unang beses pa siyang magbakasyon. Hindi na niya nakita ulit si Michelle nang bumalik siya roon ng pangalawang pagkakataon. At hindi naman siya nagtanong tungkol dito.

Kitang-kita marahil sa ekspresyon ng mukha ni Bianca ang pagkaalala niya sa insidenteng iyon dahil nagsalita si Michelle. “Naalala mo na?” nakangiting tanong nito.

Namula ang mukha niya. “Yeah. Hi, Michelle.”

“Nag-enjoy ka ba sa palabas?”

“Oo naman,” pagsisinungaling niya. Susme! Paano naman kaya siya mag-e-enjoy kung may kontrabida na kasama nila sa upuan?

“May pa-party kina Mayor, baka gusto n’yong

sumama nina Jennylou,” imbitasyon nito.

Nagsisimula na siyang tumanggi pero naunahan siya ng kasama.

“Uy, masarap magluto ’yung kinuhang caterer nina Mayor. Bianca, hindi mo dapat palagpasin ito. Sige, sama kami,” excited na tugon nito nang hindi man lang naghihintay ng sagot kung ano ang gusto niyang gawin.

“Puwede na kayong makisakay sa amin,” alok ni Carlo na noon lang nagsalita.

Wala na siyang pagpipilian. Nakaladkad siya sa party ng di naman niya kilalang mayor. Okay sana iyon dahil wala naman siyang gagawin. Kaya lang nagngingitngit siya dahil sa front passenger seat ay nakaupo si Michelle na parang reyna sa trono, habang nasa likuran ang grupo nila, mga maids-in-waiting.

Tila sa isang resort nakatira ang mayor na nabanggit. Maraming tao ang dinatnan nila pero grupo-grupo ang mga ito. Mayamaya ay nahila si Michelle ng asawa ng mayor para sa isang diskusyon at si Jennylou naman ng isang contractor.

Naiwan sila ni Carlo sa isang gazebo malapit

sa poolside. Hindi ito nagsasalita kaya siya na ang nanguna.

“It’s nice to be back here in Isabela, di ba?”

“Ibig sabihin, hindi ka na nadidiri sa putikan at saka okay na sa iyong puro puno lang ang nakikita?” tanong nito na tila hindi naniniwala sa sinasabi niya.

“Hay naku, Carlo! Hindi kaya ako nadidiri sa putik. Hindi ko lang masyadong gustong umaapak sa putik dahil eww kaya kapag dumikit sa paa. And seriously, I do like trees. As a matter of fact, nag-volunteer nga akong maging bahagi sa tree planting sa paligid ng *La Mesa Dam*.”

She thought she heard him groan which made her flinch inwardly. Bakit ba kapag si Carlo ang kaharap niya, nagkakasalabit-salabit ang takbo ng utak niya?

“Graduate ka na ba?” tanong nito.

“Yeah,” sagot niyang tumango pa.

“At nagtatrabaho ka na?”

Natakot na nga siya na roon papunta ang tanong nito. Paano kaya siya makaka-score ng ganda points sa usapang trabaho?

“Not at the moment.” Bahagyang tumaas ang kilay nito kaya napilitan siyang magpaliwanag. “I just resigned from my last job.”

“I see,” tugon nito.

“Sabi ni Lola baka makabuti kung dito muna ako habang nag-iisip kung ano’ng plano ko.”

“And how is that working out for you?”

Sinilip niya ang mukha ni Carlo. Mukhang sincere ito sa tanong at hindi lang nagpa-patronize o minamaliit ang sitwasyon niya.

Mabilis ang diskusyon sa loob ng utak ni Bianca. Aminin kaya niyang pumayag lang siyang pumunta sa Isabela matapos malaman na narito ito? Huwag muna kaya.

“So far, okay lang.” Niyakap niya ang sarili. dahil kanina pa siya bahagyang nilalamig. Bigla pang lalong lumamig ang ihip ng hangin nang lumalalim ang gabi.

Ang init kasi kanina kaya walang manggas ang suot niyang blouse, pero ngayon ay parang nag-iba ang temperature ng kapaligiran.

“Nilalamig ka ba?” pansin ni Carlo.

Umiling siya. “Hindi, okay lang,” tugon niya kahit nakataas na lahat ng balahibo niya. Pinili pa naman ng sandaling iyon para mapabahing siya. “Excuse me,” pasintabi niya.

“Bless you,” sabi nito.

Ang totoo, Bianca was cursed with weak lungs. Noong bata siya ay mayroon siyang hika at nang gumaling iyon bago siya magpitong taong gulang ay nagkaroon naman siya ng allergic rhinitis. Kaunting alikabok, kaunting pagbabago ng panahon o kaya naman ay maling pagkain ay sinisipon siya o sinusumpong ng sinusitis.

“Halika na sa loob, baka magkasakit ka rito,” anito na tila alam ang kondisyon ng kalusugan niya.

“Hindi, okay lang talaga ako.”

Sinundan ang sinabi niya ng isa pang bahing. Inabutan siya ng binata ng panyo.

“Thank you.” Tinanggap niya iyon. Hindi dahil kailangan na talaga niya ng panyo dahil may tissue siya sa bag. Masarap lang ang ideya na panyo ni Carlo ang ginagamit niya.

“Ayaw mo ba talagang pumasok sa loob?”

Hindi, gusto ko rito dahil nasosolo kita. “Okay

na rito. Natatamad kasi akong makipag-usap sa maraming tao.”

Tumawa ito. “Akala ko pa naman social butterfly ka.”

Natawa siya. Kinikilig siya na may totoo na silang conversation ni Carlo. At napapatawa pa niya ito. This was better than her dreams. “Ako? Not at all.”

“Pero naalala ko n’ung huli kang narito, hanap ka nang hanap ng mga parties.”

“Ah, ‘yun? Naku, kaya lang naman ako naghahanap ng party para makasama ka—kayo nina Jennylou. Kaya lang di mo naman ako pinapansin.”

Natawa ulit ito. “Naisip ko kasi, there were already too many boys hanging around you. Hindi na ako nakikisali.”

Nagpi-flirt ba ito sa kanya? Naging matabil si Bianca dahil hindi siya sanay na nakikipagbiruan sa kanya ang anak ni Tatay Domeng. Sa madaling salita, pinatulan niya nang bonggang-bongga ang pagpi-flirt nito.

“Hindi kaya. Hindi naman ako masyadong nilalapitan ng mga boys dito kasi takot sila sa lola ko, eh. Ang sabihin mo, hindi mo lang talaga ako

gustong makasama.”

Tiningnan siya ni Carlo pero hindi niya mabasa kung ano ang iniisip nito.

“Mali ka,” anito. Nakatitig pa rin ito sa kanya. Gusto niyang ilipat sa ibang direksyon ang paningin dahil nako-conscious siya, pero parang may magnet sa mga mata nito na nanatiling nakatutok ang mga mata niya roon.

Ganito siya tinititigan ni Carlo sa daydreams niya. Tila may nagrarambol na mga paruparo sa loob ng tiyan ni Bianca. Pero sa kamalas-malasan naman talaga, iyon pa ang piniling sandali ni Jennylou para bumalik sa kanila.

“Andito pa rin pala kayo. Kanina ko pa kayo hinahanap doon sa kabila,” bulalas nito.

Ang pakiramdam ni Bianca ay nawala ang magic na bumalot sa kanila ng binata dahil sa pagdating ng isang asungot.

Mayamaya pa ay bumalik na rin si Michelle. At naputol na nang tuluyan ang kapiranggot na sandaling nakikipagtitigan siya kay Carlo dahil muling nabaling na rito ang atensyon ng binata.

Gusto niyang sakalin ang dalawang babaeng ito!